1 Lisensya sa pagmamaneho ng sasakyan (driver's license)

1-3 Pagpapalit ng lisensya

(1) Pagpapalit mula sa lisensya na ipinagkaloob sa sariling bansa sa lisensya ng Japan

Maaring ipapalitan ang lisensyang ipinagkaoob sa sariling bansa kung ang lisensyang ito ay may bisa pa at kung mapapatunayan na may tatlong buwan ng nakalipas mula sa araw na ito ay natanggap. Upang maisagawa ang proseso ng pagpapalit ng lisensya sa lisensya sa Japan, kailangang pumunta sa Driver's License Center o sa Driving Test Center sa tinitirhang perepaktura at kumuha ng pagsusulit (pagsusulit sa kaalaman ukol sa mga patakarang pangtrapiko, at pagsusulit sa kakayahan sa pagmamaneho).

(2) Proseso ng pagpapalit mula sa lisensya na ipinagkaloob sa sariling bansa sa lisensya ng Japan



※ Kailangan ng tagapagsalin ng mga hindi nakakabasa at nakakapagsalita ng wikang Hapon.

※ Ang mga lisensya mula sa 22 bansa at 1 pook na sa France, Germany, Switzerland, Italy, Belgium, Netherlands, Luxembourg, England, Denmark, Ireland, Greece, Spain, Portugal, Sweden, Norway, Iceland, Finland, Austria, Australia, New Zealand, South Korea, Canada at Taiwan (mula Marso ng 2009) ay hindi kinakailangang dumaan sa ika-3 at 4 na proseso.